REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-11

KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AATAS SA MGA ITATAYONG BAHAY-KALAKAL O KOMPANYA SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA MATAPOS MAPAGTIBAY ANG KAUTUSANG ITO NA HINDI BABABA SA PITUMPUNG BAHAGDAN (70%) NG KANILANG MGA KAWANI SA "RANK AND FILE" AY KUKUNIN O MAGMUMULA SA TUNAY AT LEHITIMONG MGA NANINIRAHAN SA MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

ITINALAGA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA,KALAKHANG MAYNILA NA:

TALATA I - Ang pagsasagawa ng kautusang bayan na ito ay upang matulungan ang mga mamamayan ng M ntinlupa upang may pagkakitaan at makapaghanapbuhay at masugpo na rin ang lumalaganap na suliranin ng pagkawalang hanapbuhay (unemployment) sa Bayan ng Muntinlupa.

TALATA II - Ang mga sumusunod na parusa ay ipapataw sa mga lumabag sa kautusang bayan na ito:

U N A : Ang parusa na halagang Isang Libong Piso (₱1,000) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng anim(6) na buwan o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa nagmamay-ari ng kompanya o bahay-kalakal na susuway o lalabag sa kautusang ito.

PANGALAWA: Ang pagsasara ng kompanya sa muli at huling paglabag sa kautusang bayan na ito.

TALATA III - Ang mga kompanya o bahay-kalakal na di saklaw ng kautusang ito ay :

1. Ang matagal ng namamalagi o nakatayo na bago pa pinagtibay ang kautusang ito.
2. Ang mga kompanya o bahay-kalakal na may kawani o tauhan lamang ng dalawampu (20) o mas kaunti pa.

TALATA IV - Lahat ng kautusang bayan na taliwas sa mga nilalaman ng kautusang ito ay pinawawalang bisa.

TALATA V - Ang kautusang bayan na ito ay magkakabisa kaagad pagkatapos mapagtibay at maitala sa "bulletin board" o iba pang hayag na lugar sa loob ng sampung (10) araw.

ISINASABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA,KALAKHANG MAYNILA SA KANILANG PANGTATLUMPU'T ISANG (31st) PANGKARANIWANG PULONG,NGAYONG IKA-3 NG OKTUBRE, 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Oktubre 3,1988

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kautusang Bayan Bilang** 88-11

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal